Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Laguna
**BAYAN NG SANTA CRUZ**

# TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN

SINIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA NA IDINAOS SA BATASANG BAYAN NOONG IKA-20 NG HUNYO, 2001, ARAW NG MIYERKULES, SA GANAP NA IKA-9:20 NG UMAGA.

DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| KGG EUGENIO A. JAVIER, JR. | . . . . . . . . . . . . . . . . | Kagawad<br>Gumanap na Tagapangulo |
| Kgg. Florencio C. Odejar | . . . . . . . . . . . . . . . . | Kagawad |
| Kgg. Ricardo B. Ramirez | . . . . . . . . . . . . . . . . | Kagawad |
| Kgg. Bernardo E. Ison | . . . . . . . . . . . . . . . . | Kagawad |
| Kgg. Louie C. de Leon | . . . . . . . . . . . . . . . . | Kagawad |
| Kgg. Ariel T. Magcalas | . . . . . . . . . . . . . . . . | Kagawad |
| Kgg. EdgardoT. Porca | . . . . . . . . . . . . . . . . | Kagawad |
| Kgg. Angelito U. Limjuco | . . . . . . . . . . . . . . . . | Kagawad |
| Kgg. Jeffrey A. Villaseñor | . . . . . . . . . . . . . . . . | Kagawad |

DI-DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| KGG. Heidi S. Ciriaco | . . . . . . . . . . . . . . . | Pang. Punong Bayan |
| Kgg. Jaime Alexander T. Calupitan | . . . . . . . . . . . . . . . . | Kagawad |

*KAPASIYAHAN BLG. 154 -T'2001*

*KAPASIYAHANG PINAGTITIBAY ANG KAPASIYAHAN BLG. 29-T'2001 / KAUTUSAN SA PAGLALAAN BLG. 02-T'2001 NG SANGGUNIANG BARANGAY II – POBLACION NA NAGTUTUGMA / NAGLILIWAT NG BALANSE NG GUGULIN MULA SA HONORARIUM NG MGA KASAPI NG SANGGUNIANG BARANGAY II NA NAGKAKAHALAGA NG DALAWANG LIBONG PISO (P2,000.00) UPANG MAGAMIT SA PAGPAPAGAWA NG UNIPORME NG APAT NA HEALTH WORKERS (BHW) NG NABANGGIT NA BARANGAY.*

*SAPAGKA'T*, iniharap at tinalakay ng sangguniang ito ang Kapasiyahan Blg. 29-T'2001 / Kautusan sa Paglalaan Blg. 02-T'2001 ng Sang. Brgy. II – Poblacion na naglalayong makapagtugma / makapaglipat ng pondong nagkakahalaga ng P2,000.00 ng nabanggit na barangay ayon sa isinasaad sa itaas nito;

*SAPAGKA'T*, ang naturang pagtutugma / paglilipat ng nabanggit na pondo ay dumaan sa pagsusuri ng Lupon sa Pananalapi ng Pamahalaang bayan.

*SAPAGKA'T*, anuman ang gagawing paglalabas ng nasabing gugulin ay nasa pananagutan ito ng Sangguniang Barangay II Poblacion.

*KUNG KAYA'T, DAHIL DITO*, sa mungkahi ng Kgg. Kag. Louie C. de Leon, na pinangalawahan ng Kgg. Kag. Edgardo T. Porca at sa buong pagsang-ayon at pagkakaisa ng lahat na ngayo'y kaharap, ay

*PINAGPASIYAHAN*: Na pagtibayin ang Kapasiyahan Blg. 29-T'2001/ Kautusan sa Paglalaan Blg. 02-T'2001ng Sangguniang Barangay II – Poblacion na nagtutugma / naglilipat ng balanse ng gugulin mula sa honorarium ng mga kasapi ng Sangguniang Barangay II na nagkakahalaga ng P2,000.00 upang magamit sa pagpapagawa ng uniporme ng apat na Health Workers (BHW) ng nabanggit na barangay.

*INIUUTOS* : Na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito ang Kgg. Punong Bayan, Pambayang Pinuno sa Badyet, Pambayang Ingat-Yaman, Pambayang Tagatuos at Sangguniang Barangay II , lahat sa bayang ito, para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.

*PINAGTITIBAY.*

PINATUTUNAYAN kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kapasiyahang ito.

JEANETTE P. ALFONSO
Kalihim ng Sangguniang Bayan

NAGPATUTOO: KGG. EUGENIO A. JAVIER, JR.
Kagawad
*Gumanap na Tagapangulo*

PINAGTIBAY: KGG. INHR. DOMINGO G. PANGANIBAN
Punong Bayan